# HUMANITY NEWS

TOWARDS THE FRIENDSHIP OF CITIZENRY

Vol. IV No. 36 August 10-16, 2020 P 10.00 ISSN No.: 2672-3034



Congressman Alex "AA" Advincula

*3rd District of Cavite, Rep.*

# DTI 4-A BEGINS THE DISTRIBUTION OF STARTER KITS IN CAVITE UNDER THE LSP-NSB PROGRAM




In pursuing the directive of President Rodrigo R. Duterte to help the country's base of the pyramid, the Department of Trade and Industry Region 4-A distributed starter kits for sari-sari store, carinderia, food manufacturing equipment, salon and barbershop, laundry, baking, tailoring, and printing supplies to 20 beneficiariesin Amadeo and 35 beneficiaries in Magallanes, Cavite worth PhP 440,000.00 in total under the Livelihood Seeding Program – NegosyoSerbisyosa Barangay on July 29 and August 3, respectively.

The DTI develops the LSP-NSB to support a grassroots approach to enterprise development, increase the awareness of Barangay Officials about the services offered by the Department through its Negosyo Centers, and conduct business development assistance and services in barangays. MSME beneficiaries of the LSP-NSB Program may include sole proprietors, cooperatives, or sectoral associations that are located in identified barangays, including those in Local Communist Armed Conflict (LCAC) affected areas, vulnerable communities such as the indigenous people, refugees, and

**(cont. P.2)**

# Cavite bubuksan ang 'Pinakamalaking Covid-19 Testing Lab' sa bansa




Maaring kayanin ng lalawigan ng Cavite na makapagsagawa ng aabot sa 10,000 COVID-19 tests kada araw sa nalalapit na pagbubukas ng isang testing laboratory na kayang mangasiwa ng 3,000 tests araw-araw. Ito ang pahayag ni Governor Jonvic Remulla nitong Huwebes, July 30.

"In Cavite, we are doing our best: The biggest testing laboratory in the country is about to open at DLSU (Dela Salle University) Dasmariñas: 3,000 tests a day, 7 days a week," pahayag ni Gov. Remulla sa kaniyang Facebook post.

Sakaling magbukas na ang laboratoryo sa unibersidad para sa publiko, magiging posible na makapagsagawa ang Cavite ng 10,000 tests kada araw. Ito ang sinabi ng gobernador sa isang panayam.

Ayon kay Gov. Remulla, nagtatayo ang Cavite ng dalawa pang karagdagang mga laboratoryo para sa COVID-19 testing.

Nang hingan ng kumpirmasyon kung ang laboratoryo sa Cavite nga ba ang magiging pinakamalaking laboratoryo kung kapasidad ang pag-uusapan, sinabi ni Health Undersecretary Maria Rosario Vergeire sa isang panayam na ang mga laboratoryo sa Philippine Red Cross ay kayang magproseso ng nasa 5,000 tests kada araw.

Sa kaniyang Facebook post, ikinalungkot ni Remulla ang ayon sa kaniya'y nakalilitong mga patakaran ng gobyerno sa pagtugon sa pandemya.

"Maraming magulo at walang kabuluhan na patakaran (backride parachute). Parami nang parami ang napipikon habang ang iba naman ay patuloy na umaasa at naghihintay sa susunod na ayuda," he said.

Maliban sa pagdaragdag ng testing capacity ng Cavite, sinabi rin ni Remulla na ang pamahalaang panlalawigan ay maglulunsad ng isang educational plan upang matulungan ang kaniyang mga nasasakupan na lumipat sa blended learning bilang pagsunod sa direk-

**(cont. P.3)**

**ADVERTISE WITH US!** Contact Number: 09460039850 E-mail Address: humanitynews@yahoo.com

# DTI 4-A....

(from p. 1)

stateless persons. Priority assistance is given to MSMEs affected by natural and human-induced calamities, including health disasters arising from epidemics and pandemics.

External Affairs Administrator Victor Dihan, on behalf of Amadeo MayorRedel John Dionisio, warmly welcomed the DTI Team, acknowledging the presence of DTI-Regional Operations Group Assistant Secretary Dominic Tolentino, Jr. and DTI 4-A Director Marilou Q. Toledo who, according to Mr. Dihan, have been in the service of Caviteños for a significant amount of time. Likewise, recognition was given to Mr. Maynard Ambion of the Business Permit and Licensing Office, Ms. Lynette Bayot of the Public Employment Service Office, and the Barangay Captains of Brgy. MinantokKanluran, Minantok Silangan, Maymangga, and Bucal in Amadeo for their cooperation in the execution of the project.

During her message, Director Toledo emphasized her hopes for the success of the LSP-NSB program, underscoring its positive effect in the barangay-level economy.







"Ang layunin ng DTI, sa pamamagitan ng LSP-NSB, ay makapag-umpisa sa community ng maliliit na negosyo. At mula sa maliliit na negosyo na ito, doon mag-uumpisa ang entrepreneurial journey ng ating mga ka-barangay," said Dir. Toledo.

She added, "Let us help ourselves, so we can also help our economy to move forward.Magtulong-tulong po tayo at huwag natinghayaang maging hadlang ang pandemic sa ating kabuhayan."

Meanwhile, Asec. Tolentino delivered an inspirational message highlighting the importance of business opportunities granted by the government in this time of pandemic.

"During COVID-19, ang ating mga kababayan ay binibigyan pa rin ng pagkakataon upang magkaroon ng kabuhayan at mapalakas pa ang mga tinatawag nating micro, small, and medium enterprises," he stated.

In her speech, Magallanes Mayor Jasmin Angelli Maligaya-Bautista expressed her gratitude to DTI for providing livelihood assistance to their community.

"The unwavering support of DTI to Magallanes is very much appreciated. We hope that our beneficiaries will make use of the starter kits well and eventually grow their businesses," said Mayor Bautista.

Amid the COVID-19 pandemic, the LSP-NSB program targets to benefit 27 barangays of the 4th and 5th class municipalities in Cavite this year. **(MIA CORTEZ)**



**MAKATANG KABITENYO**
DLSU-DASMARIÑAS AWARDEE
MAKATANG KABITENYO 1999
F&A.M LINCOLN LODGE # 34
DOCTOR OF HUMANITIES (HONORIS CAUSA)
**DR. AURELIO PAREDES BAUTISTA**

## PAGBABAGO

1) Sa bukang-liwayway narinig ko'y uha,
Hinanap ko'y sanggol sa alab ng nasa,
Tumaas ang araw nakita ko'y bata,
Hilig ay maglaro't dumakot ng lupa.

2) At nang tumanghali'y nawala nang bigla,
At aking tinanong ang isang binata,
Kung nakita ba niya yaong munting bata,
Ngunit ang sagot niya sa akin hiwaga.

3) At ako'y kumain saka napaidlip,
Dakong alas-dose nang mata'y ipikit,
Alas-tres ng hapon narinig ko'y tinig,
At aking hinanap binatang makisig.

4) Wala ang binata, di ko matagpuan,
Nakita ko naman ang taong may gulang,
At nang tanungin ko yaong pinagmulan,
Sagot niya'y hiwagang di maintindihan.

5) At ako'y nagbasa ng mahabang kuwento,
Sa kalagitnaan ako ay nahilo,
Aba! Lumalabo ang mga mata ko,
Sa bando ng relo ngayo'y alas-singko.

6) Bigla ang pagdating ng isang matanda,
Madalang ang buhok, mata'y may kulaba,
Tinanong kong muli kung saan nagmula,
At sagot sa akin wala nang hiwaga.

7) "Ako ay ikaw rin kahit di mo alam,
Ikaw yaong diwa, ako ang katawan,
Ako yaong sanggol, binata't may gulang,
At ngayon sa masid isa nang hukluban."

8) Ganyan tayong tao sa ating daigdig,
Nagbabagong anyo pagtakas ng saglit,
Kaya dapat gawin ang atas ng Langit,
Ikalat ang buti't binhi ng pag-ibig.

**Humanity news publication is an English/Filipino Weekly Published every Monday Province of Cavite**

HUMANITY NEWS
TOWARDS THE FRIENDSHIP OF CITIZERY

Main Office:
667 Bayan Luma 5 Imus City, Cavite
Contact Number:
09497849109/09075029643
E-mail Address:
humanitynews@yahoo.com

**AURELIO P. BAUTISTA**
PUBLISHER/EDITOR-IN-CHIEF

**LEXTER LUMAS BAGAPORO**
BUSINESS MANAGER

**DR. SONNY ANARNA**
MANAGING EDITOR

**VER C. BAUTISTA**
EXECUTIVE OFFICER

**MARICAR D. LUMAS**
LAY-OUT ARTIST

**GRETHSEL B. LUMAS**
ACCOUNT EXECUTIVE

All Rights Reserved: No part of this publication may be copied or reproduced or transmitted nor translated in any form for commercial purpose without prior written permission from the publisher and its writers/ columnist.

Note: All news articles by the writers are entirely their own and do not reflect the opinion of the Publisher, Management and Editor of this Publication.

MEMBER:
PUBLISHERS ASSOCIATION OF THE PHILS, INC.

papi

| | |
|---|---|
| Subscription Rates: 1 year 52 Issues | = Php 520.00 |
| Legal Notices: 1 col. Per cm. rates | = Php 160.00 |
| Advertisement Rate: Per column | = Php 200.00 |



*Silang Mayor Corie Poblete namahagi ng Crop Insurance sa mahigit 300 recipients ng Department of Agriculture-Silang.*



NO less than Dept. of Interior and Local Govt. (DILG) Undersecretary for Barangay Affairs, Martin Dino, who visited the Filipino Inventors Society Producers Cooperative (FISPC) Showroom and Business Center for various Covid-19 Essential Products such as BioMat Foot Disinfecting Mat, Food Sanitation Alcohol Dispenser, HBC Hygiene Kits, SnoI Body Ionizer. It also offers coffee, complete Personal Protective Equipment (PPE) and Probaton, among others. Probaton is used specially to equip frontliners such as Barangay Tanod manning the checkpoints. All the above products are available at the FISPC Showroom at 821-Cortez Building, EDSA, South Triangle, Quezon City (beside Cinderella Building). The store opens from 9am to 5pm, Mondays to Saturdays. For those who want to avail of FREE THERAPY using SnoI Body Ionizer, they can visit the shop for free trial for 45 minutes. VISIT US NOW!





"Lubos-lubos ang pasasalamat ko sa kanilang araw-araw na sakripisyo.

Nais ko pong matulungan sila katulad ng pagtulong nila sa akin sa aking layunin na siguraduhin ang kaligtasan ng Kawiteño. Kahit ako man ay gusto nang bumalik sa normal ang lahat, sana'y naiintindihan ng lahat na hindi natin ito pwedeng madaliin. Wala nang mas importante pa sa akin kung hindi ang inyong buhay.

Here in Kawit, we are navigating the things we can do to help address the call of the health workers especially in making sure to decongest the hospitals."

Kawit Mayor Angelo Aguinaldo

*"Kaisa po kami ng ating mga front-liners at narito ang Kawit LGU upang tugunan ang kanilang pangangailangan."*

*Ito ang naging pahayag ni Kawit Mayor Angelo Aguinaldo sa kaniyang opisyal na pahina ukol sa pangangailangan ng mga frontliners.*

*Ipinabatid rin niya na maging siya ay nais nang bumalik sa normal ang lahat kaya't sana ay maintindihan umano ng mga mamamayan na hindi ito maaring madaliin.*

*Sa huli ay kanyang sinabi na malalabanan nang lahat ang COVID-19 ng sama-sama.*

*"We will fight COVID-19 with teamwork. Lalaban tayong magkasama! KAWIT FIGHTS AS ONE!"*

## Cavite bubuksan ang 'Pinakamalaking Covid-19 Testing Lab'... (from p. 1)

tiba ng Department of Education.

"We are launching an educational plan in 10 days. Clue: #FreeWiFiForCavite," ani Remulla.

Ibinunyag din ng gobernador na ang Cavite ay mag-iimplementa ng isang provincial identification system para sa epektibong administrasyon ng COVID-19 vaccine sakaling magkaroon na nito.

Sinabi ni Remulla na ang pamahalaan ay dapat na maging handa sa pagtugon para sa mga tiyak na hinaing sakaling ang bakuna ay maaaring nang gamitin.

"How do we administer 220,000,000 doses (2 shots per person x 110 million Filipinos)? How do we do it without creating the least amount of panic and hysteria? Who gets it FIRST and how do people get it quickly enough?" tanong ng gobernador.

"How do we apply the lessons learned from the challenges we encountered during the SAP distribution and avoid the same mistakes when it comes to the availment and administration of the vaccine?" dagdag pa nito.

Pahayag ng gobernador, "if our minds are full in the containment strategy, then our best minds should have the foresight and prepare for the arrival of the vaccine."

"The good news is we are now crafting a proactive and viable plan for Cavite," dagdag pa nito. **(GoCavite)**


# SO MANY DEALS AT THE SM STORE




*August is a great time to shop. The SM Store branches in Laguna are offering So Many Deals promo from Aug 1 to 31, 2020. Check out the special deals on fashion, beauty, baby, and home picks, and other home essentials. Stay safe, stay home and shop at the comfort of your home with SM's Call to Deliver. PM or call The SM Store branches near you for your orders and inquiries. (KCHT)*

# *Pagbati Mula kina:*



**Mayor Emmanuel Maliksi**
*Imus City, Cavite*



**Vice Mayor Ony Cantimbuhan**
*Imus City, Cavite*



Mayor Nonong Ricafrente
*Rosario, Cavite*

# ROSARIO,

## BAYANG TAHIMIK, MASAYA AT MAUNLAD



# LET THERE BE LIGHT!

By
ENG'R. VER CAMPAÑA BAUTISTA
*F & A.M. Luis Olimpo Ferrer Lodge 366*

**TINABUNAN -** Ang nayon ng Tinabunan ,Imus ay katabi ng Gahak,Kawit. Dati ay latian ang lugar kaya tinabunan upang madaling makarating sa Imus. Ito ay Pag-asa na ngayon.







*Grand Opening of PUREGOLD Oasis Mall in San Rafael 4, Noveleta, Cavite led by Mayor Dino Reyes Chua! This is the Second Puregold Branch in our town! Next week we will also inaugurate another Puregold's Mini Mart "PUREMART" located at Salcedo 2, Noveleta, Cavite! More Business means More Jobs for Noveleteños!! Dumating man ang pandemic, tuloy tuloy parin ang UNLAD NOVELETA!*








*Ayon sa facebook post ni Cong. Alex AA Advincula, "156 miyembro ng Binakayan-Imus Drivers Association o BIDA sa pamumuno ni Pres. Ronald Enardicido ang nahatiran po natin ng tulong ngayong araw. Sila po ay nakatanggap ng relief packs na may limang kilo ng bigas, sardinas at noodles.*

*Bagama't sumailim po tayong muli sa MECQ, patuloy po sana tayong manalig sa ating pananampalataya at sumunod sa mga alituntunin ng ating pamahalaan upang tuluyan na nating malagpasan ang krisis na ito."*







ENGR. VIR CAMPAÑA BAUTISTA
(TWIN BROTHER OF VER)

# HUMANITY TRIVIA

(IT TELLS THE DATES OF INVENTION, PLACES OF PLANT ORIGIN AND CURES OF DISEASE)

Toaster - 1927
Transistor - 1948
Ginger - Southeast Asia
Ginseng - China
Patola - liver disease








# Hontiveros: Form anti-overpricing body to end PhilHealth corruption



Senator Risa Hontiveros today urged the Department of Health (DOH) and the Philippine Health Insurance Corporation (PhilHealth) to convene an anti-overpricing body required by law to ensure greater transparency and cut down corruption and fraud in the state insurer's operations.

Hontiveros said PhilHealth's internal mechanisms for transparency

(cont. P.7)

# DOST-CALABARZON provides more than 11k MIRDC face shields to high-risk municipalities and supports other COVID-19 related projects


PSTC-Cavite distributes face shields to LGU-Tanza


PSTC-Laguna distributes face shields to San Pedro City, Laguna


PSTC Rizal distributes face shields to Rizal Provincial Hospital System Antipolo Annex

With the rising numbers of COVID-19 positive patients, there is also a rising need for more personal protective equipment (PPEs) such as face shields for our frontliners. In response to this need, DOST-CALABARZON continuously provides municipalities, cities, and quarantine sites with face shields, face masks, and overall safety gown suits.

As of August 3, 2020, DOST-CALABARZON has distributed a total of 11,345 face shields to the whole of CALABARZON. The five Provincial S&T Centers (PSTCs) have been on the frontline in coordinating and administering the distribution of the face shields to 3,650 recipients in Cavite, 3,695 recipients in Laguna, 1,950 recipients in Batangas, 1,150 recipients in Rizal, and 900 recipients in Quezon.

The beneficiaries were all grateful for the support DOST has given. The Rural Health Unit of Tingloy, Batangas expressed their overwhelming gratitude as they have very limited resources prior to the distribution. They were also not expecting the face shields since there is very limited transportation to the island.

The distributed face shields were produced by DOST-Metals Industry Research and Development Center (MIRDC) for CALABARZON frontline workers. DOST-MIRDC utilized their 3D printers this pandemic by mass producing face shields and gave 20,000 face shields to DOST-CALABARZON for distribution. DOST-CALABARZON prioritizes distributing to quarantine sites, hospitals, municipalities, and cities specifically to the PNP and rural health

(cont. P.6)

## EDITORIAL

Ang pamahalaan ay nag-aalok ng libreng pag-aaral sa skills. Samantalahin natin ito at mag-aaral nang puspusan. Ang mga bansang mayayaman ay nagkukulang sa mga taong magliling-kod sa pabrika, mag-aalaga sa mga senior citizens at gagawa sa mga lugar na mismong mga mamamayan nila ang tumatanggi dahil sa nabibilang ang gawain sa marumi, mainit, masikip, maliit ang suweldo at laging binabantayan. Iyan ang dahilan kaya marami tayong OFW sa mga bansang may kakayahang magpasuweldo ng mas malaki kaysa ating mga kompanya sa bansa.

Ang taong bayan ay marapat na isipin ang kanilang kalagayan at kumilos upang baguhin ito.



## CAVITE HIGHLIGHTS

By: Yna Palparan Bautista

**Gen. Ambrosio Mojica of Indang, Cavite was successful in freeing Indang from Spanish rule. He drove the Spaniards from Alfonso, Cavite and Balayan, Batangas. For this service he was rewarded the position of Military-Governor of Leyte during the First Philippine Republic, having the rank of Brigadier General. He was well-loved by the people of Leyte. Mojica came back to Indang when the Philippine-American war ended and took the job of Justice of the Peace, He died at age 55 in 1908.**

# DOST-CALABARZON provides more than 11k MIRDC face shields...

(from p. 5)

units, and those places with a high number of COVID-19 cases.

In addition, DOST-CALABARZON has recently provided 66pcs K95 face masks and 120pcs face shields made by DOST-LSPU Ideation, Design, and Development laboratory to Sta. Rosa City Health Office as part of its continuous assistance to the on-going VCO clinical study in Sta. Rosa City. Another 50pcs of DOST-LSPU IDD laboratory face shields and 50pcs of overall safety gown suits were donated to the Task Force Anti COVID-19 Command Center of LGU-Cabuyao while the St. Jude Family Hospital in Los Baños, Laguna received 50 sets of overall safety gown suits and 50pcs face shields.

Aside from the face shield distribution, other efforts done by the agency during this pandemic are implementation and participation on DOST projects to combat COVID-19, conduct of online seminars to continuously support the DOST-assisted MSMEs, and provision of PPEs developed by the DOST-LSPU IDD laboratory.

DOST-CALABARZON also leads in the deployment of the RxBox units for telemetry monitoring with the UP-PGH and Regions NCR and VIII (Central Visayas) as the first and second batch of recipients. These two regions were prioritized due to the huge number of confirmed COVID-19 cases in these areas. The healthcare facilities from other regions will soon be deployed with RxBox units also. DOST-CALABARZON is also one of the agency partners on the on-going VCO clinical study for suspected and probable COVID-19 cases in Sta. Rosa, Laguna in-charge of the coordination with the partner riders on the delivery of the food to the study participants who are home quarantined and weekly monitoring of the discharged patients.

All these and more are geared towards using science, technology, and innovation in providing support and solutions to the Filipino people. ***(DOSTIVA PARCU/RMM)***





*PSTC-Quezon distributes face-shields to LGU-Lucena through Community Health Office*



*PSTC Batangas distributes face shields to the Municipality of Lobo, Batangas*

***GoNegosyo Team headed by Ms. Sophia Ramos, Mr. Aeron Morado & Ms. Claire Intervalo for choosing City Government of Trece Martires as one of your beneficiaries of Project ARK massive rapid testing by donating 1,200 pcs of rapid test kits received by Mayor Gemma Lubigan, sponsored by Imperial Homes represented by Ms. Kristianne Catingub, GRAB & Philip Morris.***






CALL US: HK IMUS
09083350572
09152359237
(046) 416 4883
HK DASMA LANDLINE
(046) 416 9650
CEL NO. 09257136292
www.hknoodles.com.ph

**BREAKFAST MEAL**
w/ Free Brewed Coffee

| | |
|---|---|
| HK Hotdog w/ Garlic Rice | P145.00 |
| HK Longanisa w/ Garlic Rice | P200.00 |
| HK Beef Tapa w/ Garlic Rice | P220.00 |
| HK Smoked Bangus w/ Garlic Rice | P155.00 |
| HK Gong Hiong w/ Garlic Rice | P130.00 |

**DIMSUM**

| | |
|---|---|
| Mantao | P 30.00 |
| Buchi | P 69.00 |
| Giant Pork Siomai | P175.00 |
| Giant Hakao | P195.00 |
| Asado Siopao | P 79.00 |
| Bola Bola Siopao | P 89.00 |
| Chicken Feet | P 95.00 |
| Pork Siomai | P 85.00 |
| Japanese Siomai | P 89.00 |
| Baencurd Roll | P 89.00 |
| Shark's Fin Dumpling | P 80.00 |
| Spring Roll | P 95.00 |
| Kutchay Dumpling | P 85.00 |
| Chicken Pao | P 85.00 |

**MAMI**

| | |
|---|---|
| Wanton | P 90.00 |
| Soy Chicken | P 95.00 |
| Pork Asado | P105.00 |
| Beef Brisket | P105.00 |
| Beef Brisket w/ Wanton | P110.00 |

**CONGEE**

| | |
|---|---|
| Bola - Bola | P 85.00 |
| Fish Fillet | P 85.00 |
| Pork Asado | P 95.00 |
| Chicken | P 95.00 |
| Pork & Century Egg | P 95.00 |
| Special | P100.00 |

**ADD ONS**

| | |
|---|---|
| Century Egg | P 60.00 |
| Prawn Chips | P 70.00 |
| Lechon Con Tofu | P 55.00 |

**NOODLES**

| | SOLO | Good for 2 to 3 persons |
|---|---|---|
| Lomi | P135.00 | |
| Pancit Bihon | P110.00 | P195.00 |
| Miki Bihon | P110.00 | P195.00 |
| Pancit Canton | P115.00 | P205.00 |
| Crispy Fried Noodles (All Meat) | P130.00 | P220.00 |
| Crispy Fried Noodles (Seafood) | P130.00 | P220.00 |
| Birthday Noodles | P135.00 | P225.00 |
| Hofan Noodles | P150.00 | P255.00 |

**RICE**

| | SOLO | REGULAR |
|---|---|---|
| Yangchow Fried Rice | P80.00 | P160.00 |
| HK Golden Fried Rice | P100.00 | P190.00 |
| Salted-Fish Fried Rice | P105.00 | P195.00 |
| Pineapple Fried Rice | P115.00 | P225.00 |

**HOUSE SPECIAL**
(Good for 2 to 3 persons)

| | |
|---|---|
| Seaweed & Century Egg | P220.00 |
| Pork Asado Roastin | P320.00 |
| Assorted Cold Cuts | P320.00 |
| Soy Chicken (whole) | P490.00 |
| Soy Chicken (half) | P270.00 |
| HK Fried Chicken (whole) | P430.00 |
| HK Fried Chicken (half) | P220.00 |
| Salt & Pepper Fried Chicken (whole) | P490.00 |
| Salt & Pepper Fried Chicken (half) | P260.00 |
| Patatim | P490.00 |
| Steam White Chicken (whole) | P530.00 |
| Steam White Chicken (half) | P260.00 |

**ALA CARTE**
(Good for 2 to 3 persons)

| | |
|---|---|
| Salt & Pepper Squid | P220.00 |
| Fish Fillet Tausi & Beancurd | P240.00 |
| Chopsuey | P190.00 |
| Lohan Vegetables | P190.00 |
| Sweet & Sour Fish Fillet | P240.00 |
| Sweet & Sour Pork | P220.00 |
| Beef w/ Ampalaya | P230.00 |
| Beef Brisket Hot Pot | P320.00 |
| Beef w/ Broccoli | P320.00 |
| Lechon Macau | P300.00 |
| Canton Special | P275.00 |

**RICE TOPPINGS**

| | |
|---|---|
| Squid Tausi | P105.00 |
| Sze Chuan Squid | P105.00 |
| Fish Fillet Tausi & Beancurd | P150.00 |
| Pork Asado Rice | P150.00 |
| Chopsuey | P145.00 |
| Soy Chicken | P195.00 |
| Sweet & Sour Fish Fillet | P135.00 |
| Pork Asado & Soy Chicken | P145.00 |
| Sweet & Sour Pork | P145.00 |
| Beef Brisket | P155.00 |
| Spareribs Tausi | P140.00 |
| Chicken Feet & Spareribs | P145.00 |
| Salt & Pepper Squid w/ Egg Rice | P160.00 |
| HK Fried Chicken w/ Egg rice | P160.00 |
| Lechon Macau w/ Egg Rice | P160.00 |
| Steamed White Chicken w/ Egg Rice | P195.00 |

**SOUP**

| | |
|---|---|
| Spinach Seafood Soup | P135.00 |
| Pumpkin Soup | P125.00 |
| Crab Meat Corn Soup | P160.00 |
| Hot & Sour Soup | P135.00 |
| Solo Serving | P60.00 |

**COMBO MEAL**

| | |
|---|---|
| Sweet & Sour Fish Fillet | P229.00 |
| Pork Asado | P229.00 |
| Spring Roll | P229.00 |
| Sweet & Sour Pork | P229.00 |
| Salt & Pepper Squid | P249.00 |
| HK Emperor Chicken | P309.00 |
| Macau | P309.00 |

**DESSERT**

| | |
|---|---|
| Black Gulaman | P 50.00 |
| Black Gulaman w/ Lychee | P 55.00 |
| Almond Jelly w/ Lychee | P 55.00 |
| Halo Halo | P 65.00 |
| Halo Halo w/ Ice Cream | P 79.00 |
| Egg Yolk Pao | P 85.00 |
| Almond Jelly Ala Dode | P 70.00 |
| Leche Plan | P 29.00 |

**BEVERAGE**

| | |
|---|---|
| Instant Coffee | P 40.00 |
| Brewed Coffee | P 45.00 |
| Iced Tea | P 45.00 |
| Pineapple | P 45.00 |
| Red Tea | P 45.00 |
| Mango Smoothie | P 85.00 |
| Milk Tea | P 69.00 |
| Banana Smoothie | P 75.00 |
| Mineral Water | P 25.00 |
| Soda in Can | P 70.00 |
| Bottomless Iced Tea | P 90.00 |

*Price are subjected to change without prior notice
Price INCLUSIVE of 12% VAT.

# Hontiveros...

(from p. 5)

and accountability must be drastically updated and fully enforced so that every peso in the agency is actually used to help Filipinos, especially during the COVID-19 pandemic.

"PhilHealth's failure to fully enforce anti-corruption measures has potentially led to the loss of billions. We must ensure reformations within PhilHealth that will make them worthy of the taxes of the people, especially because of their crucial role in universal healthcare," she said.

To help curb overspending by PhilHealth, Hontiveros said that DOH, PhilHealth and the Department of Trade and Industry (DTI) should immediately convene the Independent Price Negotiation Board, an oversight body mandated by the Universal Health Care Law (RA 11223).

Noting the claims of PhilHealth that they "potentially lost" P10.2 B in 2019 and are projected to lose double in 2020 to fraud and false claims, Hontiveros, an author of the said law, explained that the Independent Price Negotiation Board is empowered to negotiate with suppliers over prices of medical supplies and new technology needed by healthcare providers accredited under the DOH. She said the treatment of COVID-19 can be standardized and better monitored through the board.

"Masisigurado ng anti-overpricing body na standardized ang mga presyo ng mga bibilin nating mga gamot, personal protective equipment o PPE, testing kit, at iba pang mga pangaganilangan laban sa COVID-19. Maiiwasan natin ang over-spending, over-reimbursing, over-funding para pumunta ang pondo diretso sa mga nangangailangan," she said.

"Isa ito sa mga probisyon ng batas na pinabayaan ng DOH, PhilHealth at DTI. PhilHealth must ensure full enforcement of anti-corruption measures so that resources are prepared for those who need it the most, especially in this public health crisis. An oversight of PhilHealth's future spending can prevent the misuse of funds and ensure that records of spending are made transparent to everyone," she said.

"Mahalaga ang papel ng PhilHealth sa paglaban sa pandemya at sa pag-roll out ng Universal Health Care sa bansa. Maraming buhay ang nakataya sa maayos na serbisyo ng PhilHealth, kaya dapat ay gampanan nito ang kanyang responsibilidad at protektahan ang pondo para sa kalusugang pangkalahatan," Hontiveros concluded. #####

## OPISYAL NA PAHAYAG

## Walang P15 bilyong ibinulsa ang mga opisyal ng PhilHealth

Mariing pinabubulaanan ng Philippine Health Insurance Corporation (PhilHealth) ang akusasyon na ibinulsa ng mga opisyal nito ang nagkakahalagang P15 bilyon na ipinahayag ni Atty. Thorrson Keith sa Senado noong Agosto 4, 2020. Si Atty. Keith ay na-hire bilang job order contractor at na-assign sa Office of the President at sa siyam na buwang pamamalagi sa PhilHealth ay hindi otorisado para tumalakay sa mga bagay na ito. Ang kaniyang bintang ay hindi suportado ng mga ebidensiya at malinaw na pagganti lamang para sirain ang mga opisyal ng Korporasyon matapos na hindi nya makuha ang mataas na posisyong inaplayan kung saan hindi siya kwalipikado.

Ang sinasabi niyang pondo ay tumutukoy sa Interim Reimbursement Mechanism (IRM) na ni-release sa 711 pasilidad sa buong bansa upang matugunan ang mga pangangailangan nila ngayong panahon ng pandemya bunsod ng Covid-19. Hindi rin nagkaroon ng "favoritism" sa pagre-release ng nasabing pondo dahil ito ay alinsunod sa mga patakarang ipinatutupad ng PhilHealth.

Taliwas sa mga report na ang mga ospital ay hindi na kailangang mag-liquidate para sa pondong ito, ang IRM ay saklaw ng government accounting and auditing rules kaya't ang bawat ospital na nabigyan ay kailangang mag-liquidate. Ang mga Regional Offices ng PhilHealth ay binigyan ng flexibility para sa pagli-liquidate ng mga ospital bilang konsiderasyon sa sitwasyon sa bawat lugar dahil sa pandemya.

Dahil sa malaking ambag ng IRM sa laban sa Covid-19, ang Philippine Hospital Association, sa isang Statement, ay nagpahayag ng kanilang suporta para sa pagpapatupad nito sa lahat ng level ng ospital kasama ang mga infirmaries para matugunan ang mga pangangailangang pinansiyal sa gitna ng laban sa Covid-19.

**BGEN. RICARDO C. MORALES, AFP (RET.) FICD**
President and Chief Executive Officer

PhilHealth
*Your Partner in Health*

# Health Benefits...

## Kaalaman tungkol sa Kanya Pistula bilang halamang gamot



*Scientific name: Cassia fistula Linn.; Cathartocarpus fistula*
*Common name: Kanya Pistula (Tagalog); Golden Shower Tree, Pudding Pipe Tree (Ingles)*

Ang kanya pistula ay isang puno na may katamtamang taas na kadalasang nakikitang nakatanim bilang halamang ornamental sa mga parke at gilid ng kalsada. Ito ay may dilaw at mahalimuyak na bulaklak na tumtubong nakapulunpon at tila bumabagsak sa lupa, kaya naman tinatawag itong "golden shower tree" sa Ingles. Mayroon ding bunga ito na kahalintulad ng sitaw na mahaba at may mga buto sa loob. Tumtubo ang mga punong ito sa mga lugar na nasa rehiyong tropiko sa Asia, kabilang na ang Pilipinas.

**Ano ang mga sustansya at kemikal na maaaring makuha sa Kanya Pistula?**

Ang iba't ibang bahagi ng halamang kamoteng kahoy ay maaaring makuhanan ng maraming uri ng kemikal at sustansya na maaaring may benepisyo sa kalusugan:

May taglay na tannin, saccharose, citric acid, pectin at anthraquinone.

Ang bulaklak ay makukuhanan ng (E)-nerolidol at 2-hexadecanone.

Ang dahon naman ay mayroong phytol

Ang balat ng kahoy ay may resin

**Anong bahagi ng halaman ang ginagamit bilang gamot, at paano ginagamit ang mga ito?**

Maaaring gamitin bilang gamot ang ilang bahagi ng halaman tulad ng:

**Dahon**. Ang dahon ng kanya pistula ay kadalasang pinakukuluan at iniinom ang pinaglagaan. Maaari din itong dikdikin upang magamin na pampahid sa balat. Minsan ay pinatutuyo ito at pinupulbos.

**Bunga**. Ginagamit din ang bunga ng kanya pistula sa paggagamot sa pagkuha sa katas nito. Maaari din itong kainin.

**Ugat.** Maaari din ilaga ang ugat ng kanya pistula para magamit sa paggagamot.

**Bulaklak.** Maaring ilaga ang bulaklak at inumin ang pinaglagaan.

**Ano ang mga sakit at kondisyon na maaaring magamot ng Kanya Pistula?**

**1. Hirap sa pagdumi.** Ginagamit ang pinaglagaan ng dahon ng kanya pistula sa pagpapadali ng pagdumi. May kaparehong epekto din ang pagkain naman o pag-inom sa katas ng laman ng bunga ng kanya pistula. Maaari ding gamitin ang pinulbos na dahon, pati na ang pinaglagaan ng ugat para sa paggagamot nito.

**2. Implamasyon.** Maaaring gamitin ang pinaglagaan ng bulaklak ng kanya pistula sa pagpapahupa ng implamasyon sa katawan. Ang murang dahon nito ay maaari ding gamitin para sa kondisyon.

**3. Lagnat.** Mabisang pampababa ng lagnat ang pag-inom naman sa pinaglagaan ng ugat ng kanya pistula.

**4. Pagkawala ng boses.** Ang pinaglagaan ng bunga ng kanya pistula ay makatutulong sa pagpapanumbalik ng nawalang boses.

**5. Kanser.** Ginagamit din ang pinaglagaan ng dahon at pagkain mismo ng bunga nito bilang pangontra sa sakit na kanser.

Main Office: 667 Bayan Luma 5 Imus City, Cavite
Contact Number: 09497849109/09075029643
E-mail Address:
humanitynews@yahoo.com

HUMANITY NEWS
TOWARDS THE FRIENDSHIP OF CITIZENRY

Annex Office: 24 Sayas St. Sabutan, Silang, Cavite

VOL.IV NO. 36

# NOVELETA MAYOR DINO CHUA: "Payagan ang Byahe ng mga Tricyle"



Ngayong darating na Agosto 4 nakatakdang sumailalim ang buong lalawigan ng MECQ o Modified Enhanced Community Quarantine. Sa ilalim ng MECQ, mahigpit na ipinagbabawal ang mga pampublikong sasakyan kagaya ng LTR/ MRT, jeepney, taxi, bus, at iba pa.

Kabilang din dito ang mga tricycle ngunit nakadepende ito sa Department of the Internal and Local Government (DILG) o Local Government Unit (LGU) kung papayagan ba ang pagpapasada ng tricyle sa mga lugar na nasasakupan nito.

Panawagan naman ni Noveleta Mayor Dino Chua sa nakatataas, payagan ang byahe ng tricycle para sa masa na nagtatrabaho. Paliwanag nito, lalo umanong mahihirapan kung hindi papayagan ang pampublikong sasakyan.

Pinaliwanag din ni Chua na mahigpit nilang ipatutupad ang "1 passenger only" policy upang masunod ang social distancing.


Sa kasalukuyan, may 47 kabuuang bilang ng kaso ng COVID-19 sa bayan ng Noveleta kung saan 24 dito ang gumaling na at wala namang naitalang nasawi.

Paalala naman ng alkalde, patuloy na sumunod sa patakaran upang hindi na dumami pa ang kaso ng COVID-19."Sa pagbabalik ng Cavite Province sa Modified Enhanced Community Quarantine or MECQ, huwag po natin sayangin ang efforts ng ating gobyerno na masugpo ang pagkalat ng covid19 sa ating lugar. Sumunod napo tayo sa patakaran at manatili nalang muli sa bahay para sa ating kaligtasan! " ani Chua.



*VM Ony Cantimbuhan and Mayor Emmanuel Maliksi discussed updates on COVID-19 and the implementation of MECQ during an emergency meeting with city and barangays officials. (VMOC)*




## DO YOU KNOW ?

*The color of the blood is as seen on the distended vein but it turns red when oxidized in the open.*

**(Shared by Fellowship with Humanity)**

CLI TUTORIAL SERVICES

3/F IDI Bldg.,M.H.Del Pilar St. corner Kapt. Victor St,Brgy.III (Poblacion) Silang, Cavite

E—mail address: craftleadersinstitute2020@gmail.com

Facebook page: Craft Leaders Institute

Tel. No. (046) 460 4061    CP No. 09486835347/09974057840

COURSES OFFERED:

| | | |
|---|---|---|
| Baking | English Proficiency | Writing 101 |
| Hotel and Restaurant Services | Basic Japanese Langauge | MathematicsTutorial |
| Microsoft Office Specialist | Basic Accounting | Mathematics Olympiad Training |

FELLOWSHIP WITH HUMANITY

Province of Cavite

**PRESIDENT: AURELIO PAREDES BAUTISTA**

**Fellowship with Humanity is a Family-Based Masonic Charity Group registered in Cavite to help in a small way alleviate the conditions of the poor. The funds come from the family income of the Bautista Family members.**